Mga Serbisyon Boluntaryo(562) 256-1367
Impormasyon sa Paglilisensya ng Hayop(562) 345 -0400
DACC Medical Outreach Helpline(562) 519 -0339

Ang Kagawaran ng Pagkontrol at Pangangalaga ng Hayop (DACC) ay nagpapatakbo ng pitong mga sentro ng pangangalaga ng hayop (ACC) na matatagpuan sa mga lungsod ng Agoura Hills, Baldwin Park, Carson/Gardena, Castaic, Downey, Lancaster at Palmdale. Nagbibigay ang mga ACC na ito ng ligtas at makataong pangangalaga sa mga hayop na nawala o hindi na gusto ng kanilang mga may-ari. Ang mga kawani at boluntaryo ng ACC ay walang pagod na nagtatrabaho upang muling pagsamahin ang mga nawalang alagang hayop sa kanilang mga may-ari o makahanap ng mga bagong tahanan para sa mga alagang hayop na walang tirahan. Ang Pangangalaga ng Hayop ay mayroon ding iba't ibang mga programa at tumutukoy sa iba't ibang mga programa upang matulungan ang mga may-ari ng alagang hayop sa county. Ang Kagawaran ay nagpapatrabaho ng mga nanumpang opisyal ng pagkontrol ng hayop na nagsisilbing mahalagang bahagi ng programa ng kaligtasan ng publiko at hayop ng komunidad. Ang aming mga opisyal ng pagkontrol ng hayop ay nagpapatupad ng estado at lokal na mga batas ng hayop at tumutugon sa mga kahilingan para sa serbisyo nang pitong araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Pinoprotektahan ng mga opisyal na ito ang mga komunidad mula sa mga mapanganib na hayop; inililigtas ang mga may sakit, nasugatan o nawala na hayop; sinisiyasat ang kalupitan sa hayop, pang-aabuso, kapabayaan at iligal na paglalaban ng hayop; ipinatutupad ang lokal at estado na mga ordinansa sa hayop at sinusuportahan ang mga lokal na opisyal ng pagpapatupad ng batas. Nakikipagtulungan din ang DACC sa mga unang tagatugon ng County ng LA upang tulungan ang mga residente at ang kanilang mga alagang hayop, nagliligtas ng mga hayop mula sa mga wildfire, pagbaha, lindol at mga sakuna na ginawa ng tao.

Nawala at Natagpuan (Lost and Found): Ang mga residente na nawalan ng alagang hayop ay maaaring bumisita sa pitong mga sentro ng pangangalaga ng hayop upang mabawi ang mga ito. Dapat ding tingnan ng mga residente ang animalcare.lacounty.gov dahil ina-upload dito ang mga larawan nang real time.

Pag-aampon (Adoption): Ang Pangangalaga at Pagkontrol ng Hayop ay nagpapatakbo ng pitong mga sentro ng pangangalaga, kung saan ang mga miyembro ng komunidad ay maaaring makahanap ng isang alagang hayop para sa pag-aampon. (Bisitahin ang aming website upang mag-iskedyul ng iyong appointment sa pag-aampon para sa aming mga itinalagang oras sa online sa animalcare.lacounty.gov. Mayroon ding mga walk-in na pag-aampon sa Linggo hanggang Sabado mula 2 p.m. -5 p.m., maliban sa Miyerkules mula 2 p.m. -7 p.m.)

Pagbabakuna sa Rabies (Rabies Vaccination): Ang mga klinika ng pagbabakuna sa Rabies ay matatagpuan sa mga sentro ng pangangalaga ng hayop at mga off-site na lokasyon. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentro ng pangangalaga ng hayop para sa mga petsa, oras at lokasyon ng klinika ng pagbabakuna sa rabies. (Bisitahin ang aming website para sa mga available na appointment para sa aming mga on-site na klinika ng bakuna at mga off-site na klinika ng Vet@ ThePark Wellness.)

Microchip: Ang mga klinika ng Microchip ay matatagpuan sa mga sentro ng pangangalaga ng hayop at mga off-site na lokasyon. Makipag-ugnayan sa inyong lokal na sentro ng pangangalaga ng hayop para sa mga petsa, oras at lokasyon ng klinika ng pagbabakuna sa rabies.

Pagkakapon (Spay & Neuter): Makipag-ugnayan sa aming Programa ng Voucher sa Pagkakapon sa (562) 345-0321 o sa SpayNeuterProgram@animalcare.lacounty.gov upang makita kung ikaw ay kuwalipikado para sa isang voucher ng pagkakapon o para sa posibleng mapagkukunan ng mababang gastos sa pagkakapon sa iyong lugar.

Programa ng Mabuting Kapitbahay na Pusa (Good Neighbor Cat Program): Mga serbisyo ng pagkakapon para sa kapakanan ng mga malayang gumagala at walang may-ari na pusa sa komunidad. Makipag-ugnayan sa (562) 345-0321 o mag - email sa SpayNeuterProgram@animalcare.lacounty.gov.

Pantry ng Pagkain ng Alagang Hayop (Pet Food Pantry): Para sa tulong sa pagkain ng alagang hayop, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na sentro ng pangangalaga ng hayop na nakalista sa ibaba o tumawag sa (562) 519 -0339. Nakasalalay sa pagkakaroon ng suplay na pinondohan.

Medikal na Helpline (Medical Helpline): Ang Helpline ay nagbibigay ng pagpapayo at mga mapagkukunan para sa mga may-ari ng alagang hayop, lalo na ang mga nasa panganib na isuko ang kanilang mga alagang hayop o nangangailangan ng hindi pang-emerhensiya na tulong medikal at/o suporta sa pag-aalaga. Para sa impormasyon, mangyaring tumawag sa (562) 519 -0339 o mag-email sa: Access2Care@animalcare.lacounty.gov.

Mga Lisensya ng Aso at Pusa (Dog & Cat Licenses): Upang makakuha ng lisensya ng aso o pusa, dapat kang magpakita ng sertipiko ng pagbabakuna sa rabies kasama ang impormasyon ng microchip at patunay ng pagsunod sa mga kinakailangan sa pagkapon sa Pangangalaga at Pagkontrol ng Hayop.

Mga Sentro ng Pangangalaga sa Hayop (Animal Care Centers)

Maaaring tubusin ng mga may-ari ang mga ikinulong na hayop at maaaring ampunin ang mga hindi tinubos na hayop sa bawat sentro ng pangangalaga ng hayop ng County. Upang humiling ng serbisyo, makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na sentro ng pangangalaga ng hayop:

Agoura, 29525 Agoura Rd., Agoura 91301	(818) 991-0071
Baldwin Park, 4275 N. Elton St., Baldwin Park 91706.....	(626) 962-3577
Carson, 216 W. Victoria St., Gardena 90248.	(310) 523-9566
Castaic, 31044 N. Charlie Canyon Rd., Castaic 91384.....	(661) 257-3191
Downey, 11258 S. Garfield Ave., Downey 90242	(562) 940-6898
Lancaster, 5210 W. Ave. I, Lancaster 93536.....	(661) 940-4191
Palmdale, 38550 Sierra Hwy., Palmdale 93550	(661) 575-2888

Arts and Culture (Sining at Kultura)

1055 Wilshire Blvd., Ste. 800, Los Angeles 90017 (213) 202-5858

Web: lacountyarts.org

Ang misyon ng Kagawaran ng Sining at Kultura ng County ng Los Angeles (Sining at Kultura) ay isulong ang sining, kultura at pagkamalikhain sa buong County ng LA. Tinutupad ng Sining at Kultura ang misyon na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gawad at teknikal na tulong para sa mga nonprofit na organisasyon; mga propesyonal na pagkakataon sa pagpapaunlad para sa mga artista, tagapagturo at kawani ng nonprofit na organisasyon ng sining; mga komisyon para sa bagong likhang sining at pamamahala ng koleksyon ng sibikong sining ng County; pagpapatupad ng mga inisyatiba sa edukasyon sa sining sa buong County; pananaliksik at pagsusuri na nakatuon sa pagkakapantay-pantay; mga landas ng karera sa malikhaing ekonomiya; at mga diskarte sa paglikha ng cross-sector sa mga kagawaran at ahensya ng County na tumutugon sa mga sibikong isyu. Ang lahat ng gawaing ito ay binalangkas ng Inisyatiba ng County sa Kultural na Pagkakapantay-pantay at Inklusyon, at isang matagal nang pangako sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at pag-access sa sining.

Arts Education Collective (Arts Ed Collective): Ang Arts Ed Collective ay ang panrehiyong inisyatiba na nakatuon sa paggawa ng sining bilang pangunahing bahagi ng paglago at pag-unlad ng bawat bata. Itinatag ng Lupon noong 2002, ang inisyatiba ngayon ay nagsasama ng isang matatag na koalisyon ng 74 na distrito ng paaralan, 5 network ng charter na paaralan, 13 na iba't ibang mga ahensya ng County, at daan-daang mga organisasyon na nakabatay sa komunidad, nagtuturo na mga artista, tagapagturo, mga pilantropo at tagapagtuguyod. Sa pamamagitan ng mga programa at aktibidad na nagpapalawak ng pagtuturo at pag-aaral ng sining, nagpapatibay ng mga pakikipagtulungan at kolaborasyon, at nagdaragdag ng kamalayan ng publiko tungkol sa kahalagahan ng edukasyon sa sining, ang Arts Ed Collective ay naghahanay ng mga pagsisikap sa buong County upang makamit ang ibinahaging layunin na ang lahat ng mga kabataan ay nakikibahagi sa sining sa buong taon, bawat taon, dahil ang mga sining ay mahalaga sa paglago at pag-unlad ng tao. Ang Arts Ed ay nakatuon din sa mga pagsisikap sa pagbabago ng mga sistema na binibigyang diin ang isang pakikipagtulungan na estratehiya para sa positibong pag-unlad ng kabataan. Ang layunin ay upang isama ang mga sining sa loob ng maraming mga sistema ng pangangalaga upang itaguyod ang pagpapagaling, personal na paglago at pangkalahatang kagalingan sa mga kabataan (at pamilya) ng County na naapektuhan, o nanganganib na maapektuhan, ng sistema ng hustisya.

Arts Internship Program (AIP): Itinatag noong 2000 ng Lupon, ang AIP ay nagbibigay sa mga undergraduate ng makabuluhang karanasan na nagtatrabaho sa mga nonprofit na organisasyon ng sining, habang tinutulungan din ang mga organisasyon na bumuo ng mga lider ng sining sa hinaharap. Bilang ang programa ng internship na may pinakamalaking bayad sa bansa, na may utos na isama ang mga mag-aaral sa pangkomunidad na kolehiyo, ang AIP ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga mag-aaral na maaaring walang landas sa pamumuno ng sining at mga karera sa malikhaing ekonomiya.

Sibikong Sining: Nagbibigay ng pamumuno sa pagpapaunlad ng mataas na kalidad na mga sibikong puwang sa pamamagitan ng pagsasama ng mga artista sa proseso ng pagpapalano at disenyo sa pinakamaagang posibleng pagkakataon, na naghihikayat sa mga makabagong estratehiya sa sibikong sining, at pagbibigay ng access sa mga artistikong karanasan ng

pinakamataas na kalibre para sa mga residente ng County ng LA. Pinamamahalaan ang koleksyon ng sibikong sining ng County, na binubuo ng mga makasaysayan at kontemporaryong sibikong gawang sining na matatagpuan sa mga ari-arian ng County.

Cross-Sector na Pakikipagtulungan: Ang Sining at Kultura ay nakikipagtulungan sa mga kagawaran, ahensya at pribadong sektor ng County upang bumuo ng mga malikhaing solusyon sa mga sibiko na hamon at dagdagan ang pag-access sa kultura. Ang programa ng Creative Strategist - Artist in Residence (Creative Strategist), halimbawa, ay naglalagay sa mga artista, tagapangasiwa ng sining o iba pang mga malikhaing manggagawa sa mga kagawaran ng County upang makipagtulungan kasama ang mga kawani, mga kaakibat sa proyekto at mga stakeholder ng komunidad sa isang pakikipagtulungan na proseso upang bumuo at magpatupad ng mga solusyon na mula sa artista sa mga kumplikadong hamon sa lipunan.

Propesyonal na Pagpapaunlad at mga Paggawad: Nagbibigay ng suporta sa pagpopondo sa mga organisasyon sa pamamagitan ng Organizational Grant Program at ng Community Impact Arts Grant, na tinitiyak na maa-access ang mga serbisyo at oportunidad sa kultura ng mga residente sa lahat ng edad. Ang mga binigyan ng gawad ay maaari ring samantalain ang mga teknikal na tulong at mga programa sa pagpapaunlad ng pamamahala na may kaugnayan sa mga pangangailangan ng organisasyon.

Pananaliksik at Pagsusuri: Tumutulong ang dibisyon na ito na matiyak na ang mga programa ng Sining at Kultura ay nakaugat sa mga katotohanan, batay sa katibayan at bumuo sa mga maaasahang kasanayan mula sa larangan. Ang dibisyon ay nag-uulat sa mga aspekto ng ekolohiya ng sining kabilang ang mga suweldo at benepisyo sa mga nonprofit ng sining, ang relasyon sa pagitan ng edukasyon sa sining at malikhaing trabaho, kultural na pagkakapantay-pantay at inklusyon, at mga mapagkukunan ng landas ng malikhaing karera para sa mga kabataan sa County ng LA.

Assessor (Tagatasa)

Tagatasa Jeffrey Prang

500 W. Temple St., Rm. 225, Los Angeles 90012..(213) 974-3211, (888) 807-2111

Web: assessor.lacounty.gov

Tinutukoy ng Tagatasa ang lahat ng ari-arian na real estate at negosyo na napapailalim sa pagbubuwis, nagtatatag ng mga halaga para sa mga ari-arian na ito alinsunod sa batas ng estado, at naglalapat ng mga eksklusyon at pagbubukod na nakakabawas sa buwis. Bawat taon ay isang Assessment Roll ang pinapalabas, na naglilista ng mga halaga ng ari-arian sa buong County pati na rin ang mga pagbabago sa taon-taon. Ang gawaing ito ay nagsisilbing pundasyon ng ating sistema ng buwis sa ari-arian, na sumusuporta sa mga lokal na pampublikong serbisyo. Ang karagdagang impormasyon ay makikita sa mga counter ng pampublikong serbisyo ng Tagatasa na matatagpuan sa Hall of Administration ^(ika-1 na palapag na lobby o silid 225), sa mga tanggapan ng distrito, online sa assessor.lacounty.gov/ at sa pamamagitan ng Contact Form, assessor.lacounty.gov/contact, na kung saan ay ang pinakamadaling paraan upang kumonekta sa Opisina ng Tagatasa.

Mga Opisina ng Distrito at Pangrehiyon:

Silangang Distrito..... (626) 258 -6001

Mga Rehiyon 4, 5, 6, 11, 27, Area 4: 1190 Durfee Ave., South (Timog) El Monte 91733

Hilagang Distrito(818) 833 -6000
Mga Rehiyon B1, 2, 3, 24, Area 1: 13800 Balboa Blvd., Sylmar 91342

Timog na Distrito(562) 256 -1701
Mga Rehiyon 10, 12, 14, 26, Area 3: 1401 E. Willow St., Signal Hill 90755

Kanlurang Distrito(310) 665 -5300
Mga Rehiyon 7, 9, 25, Area 2: *Pansamantalang lumipat sa Kenneth Hahn Hall of Administration*

Rehiyon ng Lancaster(661) 940-6700
Rehiyon A1: 251 E. Ave. K-6, Lancaster 93535

Satellite na Tanggapan ng Van Nuys(818) 901-3455
14340 Sylvan St., Van Nuys 91411

Mga Tip at Impormasyon sa Pagbawas ng Buwis
Mayroong ilang mga eksklusyon, pagbubukod at iba pang mga mekanismo na magagamit ng mga may-ari ng ari-arian para sa pagbawas sa taunang bayarin ng buwis sa ari-arian. Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang assessor.lacounty.gov, o mag-iskedyul ng isang virtual o personal na appointment sa pamamagitan ng pagbisita sa assessor.lacounty.gov/appointment.

Auditor-Controller (Awditor-Tagakontrol)

500 W. Temple St., Rm. 525, Los Angeles 90012.....(213) 974-8301
Web: auditor.lacounty.gov

Nagbibigay ng pinansiyal na pamumuno at dalubhasang payo sa isang malawak na hanay ng mga bagay sa pananalapi; nagtataguyod para sa integridad sa pananalapi at pananagutan sa lahat ng mga kasanayan sa negosyo ng County. Itinataguyod ang mga polisiya sa pananalapi, pamamaraan at panloob na mga alituntunin sa kontrol para sa mga operasyon sa pananalapi ng kagawaran ng County; nagsasagawa ng kontrol sa accounting sa lahat ng mga transaksyon sa pananalapi ng County at ang tagakontrol para sa mga pinagsamang pakikiakibat at mga nonprofit na korporasyon. Kumikilos bilang isang paymaster, naglalabas ng mga tseke sa mga nagbebenta, empleyado, pagbabayad ng suporta sa bata, paghatol at pinsala, at iba pang mga paghahabol laban sa County. Nagsasagawa ng mga pag-awdit sa departamento, mga pag-awdit sa pamamahala, at kriminal at administratibo na mga pagsisiyasat sa pandaraya at maling gawain sa loob ng pamahalaan ng County.

Nagsasagawa ng mga ipinag-uutos na paggawa ng buwis sa ari-arian, kabilang ang pagpapalawak ng mga listahan ng buwis sa ari-arian, accounting para sa mga pondo na inilalaan sa mga ahensya ng muling pagpapaunlad ng komunidad, at pagbabahagi ng nakolekta na mga buwis sa ari-arian. Nananagot para sa lahat ng mga tseke sa welfare, kabilang ang pagbibigay ng mga kaugnay na serbisyo sa pagbabangko.

Ombudsman ng Grupong Pabahay ng mga Bata(888) 445 -1234
350 S. Figueroa St., 8th Floor, Los Angeles 90071 E-
mail: afriend@auditor.lacounty.gov

Nagsisiilbi bilang isang independiyenteng tagapagtaguyod at tagalutas ng programa para sa mga bata na inilagay sa grupong pabahay ng Kagawaran ng Serbisyo para sa mga Bata at

Pamilya. Hinihikayat ang mga bata na tumawag o mag-email sa Ombudsman, na tumitingin sa mga isyu at nagbibigay ng tulong sa paglutas ng mga problema.

Mga Tsekeng Hindi Napalitan..... (213) 974-7452

Web: unclaimedchecks.lacounty.gov

Upang maghanap at magsampa ng mga paghahabol para sa mga tseke (ligal na tinutukoy bilang "mga warrant" ng County) na inisyu at ipinadala ng County, ngunit hindi napalitan ng pera ng tatanggap. Kasama sa mga tseke na ito ang mga natitira at hindi pa napalitan ng pera. Kasama rin sa mga ito ang mga maaaring madaya na napalitan ng pera ng ibang tao maliban sa tatanggap.

Mga Direktang Pagtatasa (213) 974-8368

Ang direktang pagtatasa ay isang halaga na hindi ad valorem na ipinataw sa bawat pakete na sumasaklaw sa maraming uri ng mga item tulad ng mga taunang singil para sa mga serbisyo, mga singil sa pagpapabuti ng distrito, mga espesyal na buwis, at mga bayarin. Ang mga direktang pagtatasa ay karaniwang ipapataw sa pamamagitan ng pagbubuwis ng mga hurisdiksyon tulad ng mga espesyal na distrito. Maraming mga direktang pagtatasa ang nagbibigay ng benepisyo nang direkta sa isang ari-arian, tulad ng pagkolekta ng basura, imburnal, pagmementina ng mga ilaw at ng landscape, at pagbabawas ng lamok. Ang numero ng telepono para sa bawat direktang pagtatasa ay nakalista sa batas ng buwis sa ari-arian at maaaring makuha sa [auditor.lacounty.gov/direct- mga pagtatasa](http://auditor.lacounty.gov/direct-mga-pagtatasa).

Liaison ng Pagbabayad ng Lokal na Maliit na Negosyo..... (213) 974 -8428

Nagbibigay ng isang solong punto ng pakikipag-ugnayan para sa mga Lokal na Maliit na mga Negosyo (Local Small Business Enterprises) (LSBE) na sertipikadong County na lumalahok sa Programa ng Agarang Pagbabayad (Prompt Payment Program) upang matugunan ang (mga) pagkaantala sa pagbabayad o iba pang mga alalahanin. Nagtutugma ng mga aksyon at/o mga resolusyon sa pagitan ng mga LSBE at ang naaangkop na (mga) kagawaran ng County.

I-ulat ang Pandaraya (800) 544 -6861

Gamitin ang hotline na ito upang iulat ang mga tagapamahala, empleyado, kontratista o nagbebenta ng County ng LA na gumagawa ng panloloko, pag-aaksaya o pang-aabuso ng mga mapagkukunan
ng County. Ang mga paratang sa pinaghihinalaang pandaraya at pang-aabuso sa Kompensasyon ng mga Manggagawa ay sinusuri at sinisiyasat.

Beaches & Harbors (Mga Tabing Dagat at Daungan)

13837 Fiji Way, Marina del Rey 90292 (424) 526-7777

Web: beaches.lacounty.gov

May pangunahing responsibilidad para sa Marina del Rey at higit sa 24 na milya ng mga dimagkadikit na tabing dagat mula sa Nicholas Canyon sa Malibu hanggang sa Royal Palms ng San Pedro. Pinangangasiwaan ang mga pag-upa sa lupa at muling pagpapaunlad ng Marina del Rey; pinamamahalaan at minimentina ang mga pampublikong pasilidad ng pagbabangka at parke ng Marina; at nagsasagawa ng mga pagpupulong ng Komisyon ng Daungan ng Maliit na Sasakyan (Small Craft Harbor Commission) (buwanan) tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa daungan, ang Lupon ng Kontrol ng Disenyo (Design Control Board) (buwanan) upang suriin ang mga proyekto at disenyo ng muling pagpapaunlad, at ang Komisyon ng

Tabing Dagat (Beach Commission) (isang beses bawat apat na buwan) tungkol sa mga bagay at polisiya na may kaugnayan sa tabing dagat ng County. Nagbibigay ng libreng programa sa komunidad sa Dockweiler Youth Center sa Playa del Rey at Burton Chace Park sa Marina del Rey, kabilang ang isang ginantimpalaang serye ng konsiyerto sa summer, mga paputok sa Ikaapat ng Hulyo at Bisperas ng Bagong Taon, mga programa sa paglalayag ng kabataan, at iba pang mga aktibidad sa libangan.

Nililinis at nagsa-sanitize ng mga tabing dagat na pinapatakbo ng County at nagpapatakbo at/o nagmementina ng mga pasilidad at pasilidad sa baybayin, tulad ng Dockweiler Recreational Vehicle Park, tabing dagat ng County at parking lot ng Marina, mga banyo, mga sunugan at mga korte ng volleyball. Minimentina ang mga tore ng lifeguard upang suportahan ang kaligtasan sa karagatan. Tinutugma ang mga programa sa libangan tulad ng mga camp ng paglalayag ng WATER Youth Program at Araw ng Kaligtasan ng Karagatan (Ocean Safety Day); nag-iisyu ng mga permit para sa mga kasal, selebrasyon, sports at paligsahan, at mga camp ng libangan sa mga tabing dagat ng County at sa Marina del Rey; at nag-aalok ng libreng programa ng komunidad pati na rin ang mga upahan na pasilidad para sa pampublikong paggamit sa Dockweiler Youth Center at Burton Chace Park.

Mga Nakakatulong na Numero:
Kagawaran ng Front Desk at Sentro ng Impormasyon ng Bisita ng Marina del Rey

4701 Admiralty Way, Marina Del Rey 90292..... (424) 526-7900
Oras: Lunes - Sabado, 7 araw sa isang linggo, 8 a.m. – 5 p.m.
Permiso para sa Senior na Pag-parking (Senior Parking Pass) (424) 526 -7900
Lupon ng Kontrol sa Disenyo/ Pagpaplano (424) 526 -7746
Dockweiler Youth Center (310) 726-4128
Burton Chace Park..... (424) 526-7910
Boat House..... (424) 526-7912
Mga Lifeguard (310) 577 -5700
Opisina ng Pag-parking..... (310) 821-1081
Mga Pagreserba sa RV Park..... (310) 322 -4951 o (800) 950 -7275
Programa ng W.A.T.E.R. Youth (W.A.T.E.R. Youth Program) Camp ng Paglalayag at Araw ng Kaligtasan sa Karagatan (Sailing Camp & Ocean Safety Day)..... (424) 526-7889
Harbor Patrol Emergency (VHF Channel 16 para sa mga namamangka)..... (310) 482 -6000

Mga Hayop na Nasugatan o na-stranded sa tabing dagat

- San Pedro hanggang sa Pacific Palisades - (800) 39 - WHALE
- Malibu - (310) 458-9453

Karapatang magkaroon ng mga Permit sa Pagpasok/ Mga Lisensya.....(424) 526 -7726

Kinakailangan, kasama ang iba pang mga permit at pag-apruba ng regulasyon, kapag ang mga aktibidad sa konstruksiyon, pansamantalang lugar sa konstruksiyon, pag-aayos o pag-install ay nangangailangan ng pag-access sa o paggamit ng mga ari-arian sa loob ng kalsada ng mga Tabing Dagat at Daungan, na kinabibilangan ng mga ari-arian sa Marina del Rey at sa mga tabing dagat na pag-aari, kontrolado o pinamamahalaan ng County ng LA.

Lupon ng Turismo ng Marina del Rey.....(310) 306 -9900

Web: visitmdr.com/

Paupahan ng Imbakan ng Bangka sa Marina..... (424) 526-7890

- Anchorage 47: Mga In-the-water slip para sa mga powerboat o sailboat mula sa 17 - 85 talampakan ang haba.
- Mga Dry Storage Rack: Para sa mga canoe, dinghies, kayak, rowing shell at mga paddleboard.
- Mast-Up Dry Storage: Para sa mga sailboat na 15-31 talampakan ang haba.
- Parcel 77 Dry Storage: Para sa mga powerboat na 15-50 talampakan ang haba.
- Mga Locker ng Imbakan ng Bisikleta.

Mga Permit sa Paggamit ng Tabing Dagat at Mga Lisensya sa Paggamit ng Daungan (424) 526-7880
4601 Lincoln Blvd., Marina del Rey 90292

Ang mga Permit sa Paggamit ng Tabing Dagat at Mga Lisensya sa Paggamit ng Daungan ay kinakailangan sa mga tabing dagat na pinapatakbo ng County ng LA o sa Marina del Rey para sa mga sumusunod: (1) anumang komersyal na paggamit; at (2) anumang paggamit para sa isang organisadong pagtitipon na may higit sa 50 katao; o (3) anumang paggamit na kinasasangkutan ng anumang mga serbisyong binabayaran (anuman ang laki ng grupo). Kabilang sa mga uri ng mga aktibidad o kaganapan ay ang mga camp, mga field trip sa paaralan, paglilinis sa tabing dagat, mga kasal, mga selebrasyon, mga memorial o mga kaganapang pampalakasan. Tingnan ang impormasyon sa seksyon ng MGA PERMIT sa beaches.lacounty.gov.

Board of Supervisors (Lupon ng mga Tagapangasiwa)

Web: bos.lacounty.gov..... (213) 974-1411

Kumikilos bilang lupong tagapamahala ng County ng Los Angeles. Dahil dito, mayroon itong tungkulin na magsilbi bilang ehekutibo at lehislatibo na pinuno ng pamahalaan ng County, na nagsasagawa ng mga ordinansa, pagtatakda ng suweldo, at pagtatatag ng mga partikular na regulasyon para sa pangangasiwa ng mga kagawaran ng County at mga espesyal na distrito. Ang limang miyembro ng Lupon ay inihalal ng mga botante mula sa kanilang distrito para sa apat na taong termino.

Ang mga regular na pagpupulong ng Lupon ay ginaganap dalawang beses sa isang buwan sa Martes sa 9: 30 ng umaga sa Silid ng Pagdinig ng Lupon (381B Kenneth Hahn Hall of Administration, 500 W. Temple St., Los Angeles). Ang bawat regular na pagpupulong ng Lupon na gaganapin sa ikaapat na Martes ng bawat buwan ay pangunahing para sa layunin ng pagsasagawa ng mga ligal na kinakailangang pampublikong pagdinig sa mga usapin sa zoning, pagtaas ng bayad, mga espesyal na paglilitis sa distrito, mga transaksyon sa ari-arian, atbp. Sa mga Martes kasunod ng isang holiday sa Lunes, ang mga pagpupulong ay karaniwang nagsisimula sa 1 p.m..

Ehekutibo na Opisina ng Lupon ng mga Tagapangasiwa

Kenneth Hahn Hall of Administration

500 W. Temple St., 383, Los Angeles 90012

Web: bos.lacounty.gov/About-Us/Executive-Office-of-the-Board

Email: executiveoffice@bos.lacounty.gov

Ang seksyon ng mga Operasyon ng Lupon ng Ehekutibo na Opisina ay naghahanda ng mga agenda ng Lupon, nakikipag-usap sa mga aksyon na ginawa ng Lupon, naghahanda ng mga minutes ng mga pagpupulong, pinapanatili ang mga tala ng Lupon, at nagbibigay sa Lupon ng suporta sa administratibo at teknolohiya ng impormasyon. Ang mga agenda ng Lupon ng mga Tagapangasiwa at ang kasamang mga sulat ng Lupon para sa pulong ng Lupon ng kasalukuyang linggo ay magagamit online simula tuwing Huwebes ng umaga bago ang pagpupulong. Ang mga taong nag-a-access sa site na ito ay maaari ring mag-subscribe upang makatanggap ng isang abiso na may isang link sa agenda kapag ito ay nai-post. Ang mga pahayag ng paglilitis, na nagpapahiwatig ng mga huling aksyon na ginawa ng Lupon, ay magagamit limang araw ng negosyo pagkatapos ng pagpupulong sa lacounty.gov/sop.

Ang mga taong nag-a-access sa site na ito ay maaari ring mag-subscribe upang makatanggap ng isang lingguhang abiso sa email na may link sa pahayag ng mga paglilitis kapag nai-post na ito. Ang mga transcript ng pagpupulong ng Lupon ay maaaring ma-access ng humigit-kumulang bawat Miyerkules ng gabi pagkatapos ng isang pagpupulong ng Lupon sa bos.lacounty.gov/Board-Meeting. Ang bawat pagpupulong ng Lupon ay mapapanood nang live sa bos.lacounty.gov/Board-Meeting/Live-Broadcast.

Impormasyon na may kaugnayan sa Lupon:

Makinig sa Live na Pagpupulong ng Lupon.....(877) 873 -8017
Para sa Ingles, ipasok ang 111111#, Para sa Espanyol, ipasok ang 222222#
Agenda (213) 974 -1442
Web: bos.lacounty.gov/Board-Meeting/Board-Agendas
Mga Transcript o DVD ng mga pagpupulong / Mga Panuntunan ng Lupon ..(213) 974 -1424
Web: bos.lacounty.gov/Board-Meeting
Pahayag ng mga Paglilitis / Ordinansa /Kodigo ng County(213) 974 -1444
Web: lacounty.gov/sop
Web: library.municode.com/ca/los_angeles_county

Pagpaparehistro ng Lobbyist (213) 974-1093
Web: [Lobbyist \(lacounty.gov\)](http://Lobbyist (lacounty.gov))

Kabanata 2.160 ng Kodigo ng County ng Los Angeles, ang Ordinansa ng Lobbyist ay pinagtibay ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng Los Angeles noong Abril 1993. Inuutusan ng ordinansa ang mga taong binabayaran para sa pakikipag-usap sa sinumang opisyal ng County upang maimpluwensyahan ang opisyal na pagkilos na magparehistro sa Ehekutibong Opisyal ng Lupon ng mga Tagapangasiwa. Inuutusan din ng ordinansang ito ang mga taga-empleyo ng lobbyist, mga indibiduwal at/o mga entidad na nag-eempleyo ng mga lobbyist ng County na magparehistro. Ang paglabag sa ordinansa ng lobbyist ay maaaring magresulta sa multa at iba pang mga parusa.

Mga paghahabol para sa mga Pinsala sa Tao o Ari-arian.....(213) 974 -1440
Web: bos.lacounty.gov/claims-for-damages/

Mga Rekord(213) 974 -1424
Web: bos.lacounty.gov/services/records-of-the-board

Proseso ng mga Serbisyo

Ang mga Pagpapatawag (Summon) at Reklamo laban sa County ng Los Angeles o sa Kagawaran ng County ay maaaring ihatid at tanggapin ng mga itinalagang kawani sa: 500 W. Temple St., Room 383, Los Angeles 90012

Ang mga subpoena ay tinatanggap para sa mga rekord na pinananatili ng Lupon ng mga Tagapangasiwa lamang. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga paghahabol, proseso ng serbisyo o mga subpoena, tumawag sa (213) 974 -1440.

Charter ng County: Makikita sa bos.lacounty.gov/Services/Custom-Service-Center. Inaprubahan ng mga residente ang Charter noong 1913 upang magbigay ng higit na kalayaan sa pamamahala sa balangkas ng batas ng estado. Nagkaroon ng ilang mga pag-amyenda na inaprubahan ng botante sa mga nagdaang taon.

Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa

Kenneth Hahn Hall of Administration

500 W. Temple St., B-4, Los Angeles 90012

Telepono: (213) 974-1471, TTY/TDD: (800) 735-2929

Web: bos.lacounty.gov/Services/Assessment-Appeals

Sa ilalim ng awtoridad ng Artikulo 13 ng Konstitusyon ng Estado ng California, ang Lupon ng mga Tagapangasiwa ay lumikha ng limang mga lupon ng apela sa pagtatasa upang umupo bilang lokal na Lupon ng Ekwalisasyon para sa County ng Los Angeles. Epektibo noong Enero 2021, ang Kodigo ng Kita at Pagbubuwis ng California § 1621 ay binago upang pahintulutan ang pagpapalawak ng bilang ng lupon ng apela sa pagtatasa upang matugunan ang mataas na dami ng mga apela na natatanggap bawat taon.

Ang tungkulin ng Lupon ng Apela sa Pagtatasa ay upang magsagawa ng mga walang kinikilingan na pagdinig sa mga apela na isinampa ng mga may-ari ng ari-arian na naghahanap ng pagbawas sa pagtatasa ng tagatasa ng kanilang ari-arian. Batay sa katibayan na iniharap sa mga pagdinig na ito, tinutukoy ng lupon ang patas na halaga sa merkado ng pagtatasa ng ari-arian. Ang lupon ay kinakailangan ng batas upang dinggin at gumawa ng isang pangwakas na pagpapasiya sa isang apela sa loob ng dalawang taon ng napapanahong pagsampa ng isang aplikasyon.

Oras para sa Pagsampa:

- **Mga Regular na Pagtatasa:** Ang panahon ng pagsasampa para sa regular na pagtatasa (taunang bayarin sa buwis) para sa real at personal na ari-arian ay Hulyo 2 hanggang Nobyembre 30 ng bawat taon.
- **Mga Karagdagang Pagtatasa:** Ang panahon ng pagsasampa ay nasa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagpapadala ng koreo na nakaprinta sa karagdagang abiso sa pagtatasa o singil sa buwis, o ang petsa ng postmark ng abiso o singil sa buwis, alinman ang mas matagal.
- **Mga Roll Change/In-adjust/Escape na Pagtatasa:** Ang panahon ng pagsasampa ay sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagpapadala sa koreo na nakaprinta sa abiso ng roll change/in-adjust/escape na pagtatasa o singil sa buwis, o ang petsa ng postmark ng abiso o singil sa buwis, alinman ang mas matagal.
- **Mga Muling Pagtatasa sa Sakuna o Kalamidad:** Ang panahon ng pagsasampa ay sa loob ng anim na buwan ng petsa ng pagpapadala ng koreo ng iminungkahing abiso sa muling

pagtatasa ng tagatasa. Kung ang huling petsa ng pagsasampa ay tumaon sa Sabado, Linggo o ligal na holiday, ang isang aplikasyon na ipinadala sa koreo at na-postmark sa susunod na araw ng negosyo ay ituturing na nasampa nang napapanahon.

- **Online na Pagsasampa:** Ang mga aplikasyon na isinampa online ay nangangailangan ng pagpapatunay ng isang elektronikong lagda alinsunod sa pamamaraan na itinakda ng Clerk ng Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa.

Proseso ng Pagdinig: Batay sa katibayan na iniharap sa pagdinig ng aplikante at ng tagatasa, tinutukoy ng Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa ang patas na halaga sa merkado ng bawat ari-arian kung saan ginawa ang isang aplikasyon para sa ekwalisasyon. Maaaring dagdagan o bawasan ng lupon ang mga indibiduwal na pagtatasa upang maitatag ang buong halaga sa pera ng ari-arian para sa naaangkop na batayang taon. Ang lupon ay walang hurisdiksyon upang magbigay o tanggihan ang mga eksempsyon o upang isaalang-alang ang mga paratang na naghahabol para sa eksempsyon mula sa mga buwis sa ari-arian na hindi wastong tinanggihan. Ang lupon ay kumikilos sa isang quasi-hudisyal na kapasidad at nagbibigay lamang ng desisyon nito batay sa wastong katibayan na iniharap sa pagdinig.

Bilang karagdagan, ang aplikante ay maaaring magsumite ng isang nakasulat na kahilingan para sa isang impormal na apela sa pagtatasa na pagdinig sa ilalim ng Programa ng Opisyal ng Pagdinig. Ang programang ito ay nagbibigay ng isang pinabilis na proseso kung saan ang mga kuwalipikadong ari-arian ay maaaring dinggin ng isang opisyal ng pagdinig sa pagtatasa sa halip na sa isang pormal na pagdinig sa lupon ng apela sa pagtatasa. Kasama sa mga kuwalipikadong ari-arian ang mga solong pamilya na tirahan, condominium, kooperatiba, o maramihang pamilya na tirahan na may apat na yunit o mas kaunti, anuman ang halaga. Ang pagtatasa sa iba pang mga ari-arian na dininig ng opisyal ng pagdinig ay hindi maaaring lumampas sa \$3 milyon sa tinasa na pagtatasa sa kasalukuyang roll ng pagtatasa. Kung ang aplikante/tagatasa ay hindi sumasang-ayon sa rekomendasyon ng opisyal ng pagdinig, ang aplikante/tagatasa ay dapat magsumite ng nakasulat na kahilingan para sa pagdinig ng lupon sa loob ng 14 na araw mula sa petsa ng rekomendasyon ng opisyal ng pagdinig. Ang lupon ay hindi obligado sa ulat at rekomendasyon ng opisyal ng pagdinig at maaaring tanggapin o tanggihan ang rekomendasyon. Ang mga desisyon ng Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa ay pangwakas maliban kung nag-apela sa Korte Suprema.

Seminar sa Pampublikong Edukasyon: Binuo ang programang ito upang matulungan ang mga nagbabayad ng buwis na mas maunawaan ang proseso ng mga apela sa pagtatasa. Isinasagawa tuwing ikatlong Miyerkules ng buwan, ang mga virtual na seminar na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga karapatan sa apela; kung paano at kailan magsasampa ng aplikasyon para sa pagbawas ng pagtatasa; kung paano maghanda para sa isang pagdinig; kung ano ang katanggap-tanggap na katibayan; kung ano ang mangyayari sa pagdinig; at kung ano ang aasahan pagkatapos ng pagdinig. Makukuha ang mga seminar ng sinumang interesado sa pag-aaral tungkol sa proseso ng mga apela, kabilang ang mga nagsampa na ng aplikasyon sa Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa. Tumawag sa (213) 974 - 1471 o bisitahin ang bos.lacounty.gov/Services/Assessment-Appeals.

Ang Tagatasa, Awditor-Tagakontrol, Ingat-yaman at Kolektor ng Buwis, at Lupon ng mga Apela sa Pagtatasa ay naghanda ng isang portal ng buwis sa ari-arian upang mabigyan ang mga nagbabayad ng buwis ng isang pangkalahatang-ideya at ilang partikular na detalye

tungkol sa proseso ng buwis sa ari-arian sa County ng LA. Bumisita sa lacountypropertytax.com.

Boung County na Panel ng Pangangasiwa ng Equity

500 W. Temple St., B-28, Los Angeles 90012 ceop.lacounty.gov

Telepono: (213) 974 -9868, Hot Line: (855) 999 - CEOP (2367)

Ang isang independiyenteng katawan ng pangangasiwa na binubuo ng mga eksperto sa batas sa pagtatrabaho na may awtoridad at responsibilidad para sa pagsusuri ng mga reklamo at pagsisiyasat sa lugar ng trabaho na kinasasangkutan ng mga protektadong katangian ng estado o pederal at alinsunod sa Patakaran ng Equity ng County, at paggawa ng mga rekomendasyon sa mga Pinuno ng Kagawaran ng County tungkol sa disposisyon, paglutas ng hindi pagkakaunawaan at/o naaangkop na pagkilos ng pagwawasto.

Chief Executive Office (Opisina ng Punong Ehekutibo)

500 W. Temple St., Rm. 358, Los Angeles 90012

Web: ceo.lacounty.gov

Pangkalahatang Impormasyon na Email: info@lacounty.gov

Operator ng County (magagamit 24 oras): (213) 974 -1234

Mga Kontak ng Media/Press: (213) 974 -1311, pio@ceo.lacounty.gov

Sa ilalim ng direksyon ng Opisyal ng Punong Ehekutibo, ang Opisina ng Punong Ehekutibo ay nangangasiwa sa proseso ng multi-bilyong dolyar na badyet ng County at pinangangasiwaan ang pagpapatupad ng mga pangunahing prayoridad ng Lupon ng mga Tagapangasiwa. Sinusuri at itinataguyod din ng tanggapan ang lehislasyon ng estado at pederal; pinagsasama-sama ang mga tugon sa media sa buong County, social media at nilalaman sa web; at pinamamahalaan ang mga kapital na proyekto, asset, pagpapaupa at pamamahala ng espasyo.

Nagbibigay ng sentral na koordinasyon para sa mga pagsisikap sa estratehikong pagpapalano at pagsukat ng pagganap ng County; pinangangasiwaan ang mga aktibidad ng kahandaan sa emerhensiya at mga pagsisikap sa pagbawi ng gastos kasunod ng mga pangunahing emerhensiya at sakuna; namamahala sa mga programa sa pamamahala ng insyurans; at tinutugunan ang mga isyu sa hindi pinagsama (unincorporated) na lugar. Pinamamahalaan ang programa ng relasyon ng empleyado ng County at mga sistema ng suweldo/klasipikasyon; nagbibigay ng mga serbisyo sa pamamahala ng panganib, kabilang ang suweldo ng mga manggagawa, mga benepisyo sa kalusugan at kapansanan, at pag-iwas sa pagkawala. Nangangasiwa at pinoprograma ang County Channel at sinusubaybayan ang mga kumpanya ng cable na telebisyon na pinapatakbo sa mga hindi pinagsama (unincorporated) na lugar. Bumubuo ng mga pamantayan sa kalidad para sa mga proyekto sa teknolohiya ng impormasyon at nangangasiwa ng mga pamantayan sa seguridad ng impormasyon upang mapangalagaan ang mga digital na asset ng County.

Mga Dibisyon:

[Mga Administratibong](#)

[Serbisyo](#)

[Pamamahala sa Asset](#)

[Badyet at Operasyon](#)

Buong County na mga Komunikasyon ng
Mga Gawaing Lehislatibo
Paghahanay ng Pagpapatupad ng
Polisiya sa Pamamahala ng Panganib

Mga Inisyatiba at Prayoridad:

Inisyatiba na Laban sa Rasismo, Pagkakaiba-iba at Inklusyon ...race-equity@ceo.lacounty.gov
Mga Alternatibo sa PagkabilanggoATI@lacounty.gov
Pangrehiyon na Estratehiya sa Digital Dividedigitaldivide@lacounty.gov
Inisyatiba para sa Walang Tirahanhomeless.lacounty.gov
Inisyatiba sa Pagpapagaan ng Kahirapanpai@ceo.lacounty.gov
Inisyatiba para Kababaihan at Batang Babaeceo.lacounty.gov/wgi/

Child Support Services (Mga Serbisyo sa Suporta sa Bata)

5770 S. Eastern Ave., Commerce 90040-2924
Web: cssd.lacounty.gov
24/7 online na impormasyon ng kaso: cse.ca.gov/CustomerConnect/login

Tinutulungan ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Suporta sa Bata (Child Support Services Department) (CSSD) ang mga magulang sa kanilang mga pangangailangan sa suporta sa bata, kabilang ang pagtatatag ng pagkamagulang at pagtatatag at pagpapatupad ng mga kautusan sa suporta sa pananalapi at medikal para sa mga bata. Hinahanap ng CSSD ang mga magulang, binabago ang mga kautusan ng hukuman, nangongolekta at namamahagi ng suporta na iniutos ng hukuman, at nakikipagtulungan sa iba pang mga county, estado at bansa upang makakuha ng suporta sa bata. Ang CSSD ay nakikipagtulungan sa mga organisasyon na nakabatay sa komunidad at iba pang mga ahensya ng County na nagbibigay ng pagsasanay sa trabaho, paglalagay ng trabaho, pagpapayo sa kapwa at mga klase sa pagiging magulang upang tulungan ang mga magulang, na nagbibigay-daan sa kanila na magbigay ng emosyonal, pati na rin ang pinansiyal na suporta sa kanilang mga anak.

Sentro ng Kontak ng Kustomer para sa mga Serbisyo sa Suporta sa Bata(866) 901 -3212

Mga Lokasyon ng Opisina ng CSSD:

Dibisyon I, 7555 Van Nuys Blvd., Van Nuys 91405

Dibisyon II, 5500 S. Eastern Ave., Commerce 90040

Dibisyon III, 3179 W. Temple Ave., Pomona 91768

Dibisyon IV, 8300 S. Vermont Ave., 2nd Fl. Los Angeles 90044

Dibisyon V, 20221 S. Hamilton Ave., Torrance 90502

Dibisyon VI, 42281 10th St. West, Lancaster 93534

Interstate Division, 5500 S. Eastern Ave., Commerce 90040

Yunit ng Pagbabayad ng Estado(866) 901 -3212

P.O. Box 989067, West Sacramento 95796-9067

Children & Family Services (Mga Serbisyo para sa mga Bata at Pamilya)

Web: dcfs.lacounty.gov (213) 351-5507
Hotline ng Pang-aabuso sa Bata/Proteksyon ng Bata (800) 540 -4000

Mga Pangrehiyon na Opisina ng DCFS

Belvedere (323) 725-4401
5835 S. Eastern Ave., 2nd Fl. Commerce 90040
Compton- Carson(310) 233-1000
1 Civic Plaza Dr., Ste. 100, Carson 90745
El Monte(626) 455-4660
4024 N. Durfee Ave., El Monte 91732
Glendora (626) 691-1692
725 S. Grand Ave., Glendora 91740
Hawthorne(323) 290-8060
5100 Goldleaf Circle, Los Angeles 90056
Lancaster..... (661) 471-1369
300 E. Ave K-6, Lancaster, 93535
Metro North..... (213) 763-1440
1933 S. Broadway, Suite 6, Los Angeles 90007
Palmdale(661) 223-4200
39115 Trade Center Dr., Ste. 130, Palmdale 93551
Pasadena..... (626) 229-3500
532 E. Colorado Blvd., Pasadena 91101
Pomona..... (909) 802-1302
801 Corporate Center Dr. Pomona 91768
Santa Clarita.....(661) 702-6262
28490 Avenue Stanford, Ste. 100, Santa Clarita 91355
Santa Fe Springs (562) 903-5000
10355 Slusher Dr., Ste. 11, Santa Fe Springs 90670
South County(562) 497-3500
4060 Watson Plaza Dr., Lakewood 90712
Torrance..... (310) 972-3111
2325 Crenshaw Blvd., Torrance 90501
Van Nuys..... (818) 904-8300
7555 Van Nuys Blvd., Van Nuys 91405
Vermont Corridor..... (323) 965-7060
8300 S. Vermont Ave., 4th Fl., Los Angeles 90044
Wateridge (323) 290-8500
5100 W. Goldleaf Circle, Los Angeles 90056
West (Kanlurang) Los Angeles (323) 900-2222
5757 Wilshire Blvd., Ste. 200, Los Angeles 90036
West (Kanlurang) San Fernando Valley (818) 717-4002
20151 Nordhoff St., Chatsworth 91311

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya ng County ng Los Angeles ay nagsikap upang mapanatiling ligtas ang mga bata at suportahan ang mga pamilya sa krisis mula noong 1984. Ang kagawaran ay nag-eempleyo ng mga social worker, abogado, mga nars sa pampublikong kalusugan, mga klinisyan sa kalusugang pangkaisipan at mga administratibong kawani sa maraming mga dalubhasang tanggapan at 20 mga rehiyonal na tanggapan sa buong County ng LA na higit sa 4,084 milya kuwadrado. Nagbibigay ang DCFS ng malawak na hanay ng mga serbisyo at programa upang suportahan ang mga bata at pamilya na nasa krisis, na may karamihan sa mga tungkulin – tulad ng mga pangunahing responsibilidad na tinukoy sa ibaba – na ipinag-uutos ng batas ng pederal o estado.

Hotline ng Proteksyon ng Bata: Pinangangasiwaan ng DCFS ang 24/7 na hotline ng pang-aabuso sa bata at kapabayaang ng County at tumutugon sa mga agarang pangangailangan ng sinumang bata na nasa panganib. Kapag nakatanggap ng isang tawag sa pag-uulat ng mga hinala ng pag-aabuso sa bata sa pamamagitan ng Hotline, tinutukoy ng mga social worker kung paano pinakamahusay na tumugon, sa maraming mga pagkakataon ay nagsasagawa ng masusing pagsisiyasat na maaaring kasama ang mga panayam sa bata, pamilya, guro, medikal na propesyonal at iba pa upang masuri ang panganib at kaligtasan at gawin ang lahat ng mga kinakailangang pag-iingat.

Pagpapanatili ng Pamilya: Kapag natukoy na ang isang bata ay maaaring ligtas na manatili sa bahay at ang pamilya ay maaaring makinabang mula sa mga serbisyo, nakikipagtulungan ang DCFS sa mga magulang upang bumuo ng isang plano sa pag-iwas at ikonekta ang pamilya sa mga serbisyo ng suporta. Ang mga magulang ay maaaring kusang-loob na ituloy ang landas na ito o maaaring inatasan ng hukuman upang makumpleto ang mga kinakailangang pagsasanay o serbisyo.

Labas sa Tahanan na Paglalagay: Kapag ang isang bata ay dapat alisin mula sa kanyang tahanan, ang DCFS ay nagtatrabaho upang makahanap ng isang pansamantalang, mapagmahal at matatag na kapaligiran sa tahanan para sa bata, tulad ng mga kamag-anak, isang sertipikadong foster na magulang, na kilala rin bilang isang mapagkukunan ng magulang, o sa isang lugar ng pamumuhay sa komunidad, na kilala bilang isang Programa ng Panandaliang Residensiyal na Paggamot (Short - Term Residential Treatment Program).

Muling Pagsasama-sama ng Pamilya: Hangga't maaari, ang muling pagsasama-sama ng pamilya ay ang layunin para sa mga kaso ng DCFS, dahil batay sa pananaliksik na nakabatay sa katibayan, nagpapakita na ito ay kadalasang ang pinakamahusay na kinalalabasan para sa pag-unlad at kagalingan ng isang bata. Nakikipagtulungan ang DCFS sa mga magulang upang bumuo ng isang plano ng kaso na may malinaw na mga layunin, isang iskedyul ng pagbisita at iba pang mga hakbang na kinakailangan para sa muling pagsasama-sama.

Permanenteng Paglalagay: Sa mga kaso kung saan hindi posible ang muling pagsasama-sama at pinili ng korte na wakasan ang mga karapatan ng magulang, nagsisikap ang DCFS upang matukoy ang isang alternatibong permanenteng tahanan – kung ito man ay isang kamag-anak na nagiging isang ligal na tagapag-alaga, isang foster na magulang na nagpatibay, o isa pang pag-aayos upang tulungan ang bata na gumaling at sa huli ay umunlad.

Consumer & Business Affairs (Mga Gawain ng Konsumer at Negosyo)

320 W. Temple St., Rm. G-10. Los Angeles 90012 (800) 593-8222
Web: dcba.lacounty.gov

Sentro ng Pagpapayo sa Konsumer: Nagbibigay ng pagpapayo sa mga bagay na may kaugnayan sa konsumer, real estate, sahod at oras, at mga form ng maliliit na paghahabol at pamamaraan sa publiko. Nagbibigay ng mga opsyon na magagamit ng mga konsumer upang malutas ang kanilang mga alalahanin, kabilang ang paggawa ng naaangkop na mga referral sa iba pang mga programa ng Kagawaran ng mga Gawain ng Negosyo at Konsumer (Department of Consumer Business Affairs) (DCBA), Mga Kagawaran ng County, mga kaakibat sa komunidad at iba pang mga lokal, estado at pederal na ahensya.

Mga Pagsisiyasat sa Reklamo: Sinisiyasat ang mga reklamo ng konsumer na kinasasangkutan ng mga paratang ng pandaraya sa konsumer, mapanlinlang na mga kasanayan sa negosyo, pang-aabuso sa pananalapi ng matatanda, pagnanakaw ng pagkakakilanlan ng foster na kabataan, pagpapataas ng presyo at pandaraya sa real estate. Batay sa mga natuklasan sa pagsisiyasat, ang mga kaso ay tinutukoy sa mga ahensya ng pag-uusig para sa kriminal o sibil na pag-uusig. Ang mga konsumer at negosyo ay binibigyang impormasyon tungkol sa mga batas sa proteksyon ng konsumer. Nagsisikap sa pakikipagtulungan sa iba pang mga kagawaran ng County at mga ahensya ng pamahalaan upang magtaguyod sa ngalan ng mga konsumer at maiwasang maging biktima ng pandaraya ang mga konsumer.

Edukasyon sa Konsumer at Pampubliko na Pagtulong: Ginagawa ang mga pagsisikap sa komunikasyon sa publiko. Kabilang dito ang pag-oorganisa at pagbuo: mga pakikipag-ugnayan sa pagsasalita, mga workshop, mga kaganapan sa pagtatalaga at mga fair sa edukasyon ng konsumer; social media; mga polyeto, mga artikulo ng balita, mga larawan at iba pang mga nakasulat na materyales sa simpleng wika; mga relasyon sa media at mga kahilingan sa pakikipanayam; at mga relasyon sa iba pang mga kagawaran, ahensya at mga tanggapan ng mga lokal na inihalal na opisyal.

Mga Serbisyo sa Paglutas ng Hindi Pagkakaunawaan: Nagbibigay ng mga niyutral na tagapamagitan upang tulungan ang mga tao at negosyo na kusang-loob na malutas ang mga hindi pagkakaunawaan sa isang mabuti, naa-access at kumpidensyal na paraan. Ang mga pamamagitan ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng telepono, sa personal o online. Ang mga tao o negosyo na naninirahan, nagtatrabaho o pinapatakbo sa County ng LA ay kuwalipikado na makatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan nang kaunti lamang o walang gastos. Kasama sa mga karaniwang isyu na maaaring ipamagitan ay ang mga hindi pagkakaunawaan ng landlord-tenant, hindi pagkakasundo ng magkakapitbahay, mga argumento sa pamilya, at mga tanong sa pagsingil. Pinopondohan ng DCBA ang siyam na organisasyon ng paglutas ng hindi pagkakaunawaan upang magbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan.

Mga Proteksyon sa Pabahay at Nangungupahan: Ipinatutupad ang mga ordinansa sa Pagpapatatag ng Renta ng County para sa mga residente sa mga hindi pinagsamang (unincorporated) lugar ng County ng LA; at tinitiyak na ang mga nangungupahan, mga may-ari ng mobile home, mga landlord, at mga may-ari ng parke ay ipinaalam sa kanila ang kanilang mga karapatan at responsibilidad. Nagbibigay sa mga residente ng impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan bilang mga nangungupahan, libreng ligal na representasyon, tulong sa panandaliang pangungupahan, at mga referral sa mga mapagkukunan at serbisyo upang maiwasan ang pagpapaalis. Ang Coordinates StayHoused LA, ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng County ng Los Angeles, Lungsod ng Los Angeles at mga lokal na komunidad at ligal na tagapagbigay ng serbisyo na nagbibigay sa mga nangungupahan ng impormasyon at suporta na kinakailangan upang masagawa ang kanilang mga karapatan upang manatili silang ligtas sa kanilang mga tahanan. Web: rent.lacounty.gov.

Pag-iwas sa Foreclosure: Tumutulong sa mga may-ari ng bahay sa pamamagitan ng pakikipagtulungan nang direkta sa mga nagpapahiram upang tuklasin ang lahat ng mga pagpipilian upang maiwasan ang foreclosure. Matutulungan ng mga tagapayo ang mga residente na maunawaan ang proseso ng foreclosure, makipag-usap sa mga nagpapahiram, suriin at magsumite ng dokumentasyon, lumikha ng badyet at plano sa pagtitipid, at gumawa ng mga referral sa mga karagdagang mapagkukunan.

Opisina ng Equity sa Paggawa: Sinasagot ang mga katanungan tungkol sa mga ordinansa sa proteksyon sa manggagawa ng County, tinuturuan ang mga taga-empleyo at manggagawa upang sila ay pasunurin, tumatanggap ng mga reklamo, at nagsasagawa ng mga pagsisiyasat sa mga paratang ng mga paglabag sa lugar ng trabaho. Sinusuportahan ang ilang mga proteksyon sa lugar ng trabaho kabilang ang mga Ordinansa ng Minimum na Sahod at Pagpapatupad ng Minimum na Sahod (Minimum Wage at Minimum Wage Enforcement Ordinances) sa mga hindi pinagsamang (unincorporated) lugar ng County ng LA, ang Ordinansa Laban sa Paghihiganti (Anti - Retaliation Ordinance) para sa pag-uulat ng mga paglabag sa kalusugan sa lugar ng trabaho, at ang Ordinansa ng Pag-iwas sa Human Trafficking (Prevention of Human Trafficking Ordinance). Nag-iisyu ng sitasyon, nagsasagawa ng pag-areglo ng mga negosasyon, at nagbibigay ng pagpapayo at pagsasanay para sa mga taga-empleyo.

Sentro para sa Pinansiyal na Empowerment: Nagtitipon, nagtataguyod, at bumubuo ng kapasidad upang palakasin ang pinansiyal na kalusugan ng mga residente ng County, na may pagtuon sa Negro, Katutubo at mga Taong may Kulay (Black, Indigenous and People of Color) (BIPOC), upang bumuo ng pang-ekonomiyang katatagan. Tumutulong sa mga residente na may mababa hanggang katamtamang kita na mapabuti ang kanilang kakayahan sa pananalapi sa pamamagitan ng pakikipagtulungan at paghahanay ng mga serbisyong pampinansyal na empowerment na ibinibigay ng pamahalaan, mga sektor para sa profit at nonprofit, kabilang ang mga serbisyo sa paghahanda ng buwis na libre o mababa ang gastos at pagsusuri ng mga account. Web: dcba.lacounty.gov/training-institute/.

Opisina ng Pamamahala ng Cannabis: Pinangangasiwaan ang mga komersyal na aktibidad ng cannabis sa loob ng hindi pinagsama (unincorporated) na County ng LA sa pamamagitan ng pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga polisiya na naglalayong itaguyod ang kalusugan, kaligtasan at kabutihan ng ating mga komunidad. Tumatanggap din ang Opisina ng Pamamahala ng Cannabis ng mga reklamo tungkol sa mga ipinagbabawal na dispensaryo sa hindi pinagsamang (unincorporated) County ng LA at nakikipagtulungan sa mga kaakibat na ahensya upang ipatupad ang mga lokal na batas at regulasyon at turuan ang komunidad tungkol sa pagpapatupad at pagsunod sa cannabis. Web: cannabis.lacounty.gov.

